

### **Ang BC Builds ay isang housing program na inihahatid ng BC Housing para bilisan ang development ng mga bagong tahanan para sa mga manggagawang may middle income sa buong British Columbia.**

Ngayon, ang development ng bagong rental housing ay naapektohan ng inflation, ng halaga ng lupa, ng halaga ng construction, at mataas na interest rates. Maaari nitong gawing mapanghamon ang financing at ang pagtayo ng bagong rental housing.

Ang BC Builds ay gumagamit ng low-cost na lupa, low-interest na financing, grants, at pinabibilis nito ang project timelines para bawasan ang kung gaano katagal gawin ang isang building mula konsepto hanggang construction.

Oras na natapos ito, layunin ng BC Builds homes na gumastos ang mga sambahayan ng humigit-kumulang sa hindi hihigit sa 30% ng kanilang income sa renta. Bukod pa rito, 20% man lamang ng units ay magkakaroon ng renta na 20% man lamang na mas mababa sa market rate para sa mga proyekto, kapartner ang mga non-profit at First Nations.

Kasalukuyang nagdidebelop ng BC Builds homeownership program. Magkakaroon ng karagdagang impormasyon tungkol sa programang ito oras na na-finalize na ang mga detalye sa programa.

### **Mga tahanan para sa mga tao.**

Ang BC Builds ay tumutulong sa mga taga-British Columbia na may middle-income—tulad ng mga guro, nurses, transit operators, construction workers, mga may-ari ng maliliit na negosyo, atbp.—na humanap ng housing na kaya nilang bayaran, sa mga komunidad kung saan sila nakatira.

Ang BC Builds ay dinisenyo para gumawa ng housing na kayang bayaran ng mga may household incomes mula \$84,780 hanggang \$131,950 para sa isang studio o isang one-bedroom na tahanan o \$134,410 hanggang \$191,910 para sa isang two-bedroom na tahanan o mas malaki pa; ito’y mag-iiba-iba depende sa komunidad at mga local income nito. Ang mas mataas na dulo ng income range ay aaplay lamang sa mga komunidad na may pinakamalaking mga income para sa 3- at 4-bedroom units. Ang mga may income na nasa mas mababang dulo ng ranges na ito ay bibigyan ng priyoridad para sa isang unit.

Ang rental rates para sa BC Builds homes ay ibabase gamit ang analysis ng mga income, average market rents, at development costs sa loob ng komunidad. Ang ibig sabihin nito’y ang renta ay mag-iiba-iba depende sa komunidad; layunin nitong gumastos ang mga sambahayan ng hindi hihigit sa 30% ng kanilang kita sa renta.

Kapag natapos na ang BC Builds projects sa mga darating na taon, ang mga papaupahang units ay pamamahalaan ng non-profit at pribadong developers na nagpapalakad sa mga building. Ang listahan ng mga kinompletong proyekto na tumatanggap ng mga aplikasyon para sa kanilang unang tenants ay gagawing available sa BC Builds website.

Ang unang mga proyekto ng BC Builds ay nakatakdang magsisimula ang construction sa 2024 at handa itong magkaroon ng residente sa 2026.

### **Paano gumagana ang BC Builds Rental Supply Program**

Bukod pa sa pagbigay ng pinansyal na suporta sa residential developers, daragdagan ng BC Builds ang dami ng government, non-profit at community-owned na lupa sa province na ginagamit para magtayo ng housing sa pamamagitan ng:

#### **1. Pag-identify ng low-cost na lupa para sa development**

Isang dedikadong team ang nakikipagtulungan sa government, non-profit, at community landowners para i-identify ang underutilized properties na maaaring idibelop o i-redevelop at gawing rental housing. Ang mga maaaring maging landowners ay ang mga munisipalidad, First Nations (on- at off-reserve lands), pederal na pamahalaan, pamahalaan ng province (kabilang na ang school districts at mga awtoridad sa kalusugan), faith-based groups, legions, mga pribadong may-ari, at iba pa.

Oras na na-identify na ang mga property, ang BC Builds team ay makikipagtulungan sa may-ari ng lupa at sa nauugnay na local government para gawing available ang lupa sa mababang gastos at para makakuha ng mga permiso. Ang mga may-ari ng lupa ay sarili ring makakahanap ng development partner o maaari nila itong hanapin gamit ang BC Builds.

#### **2. Pinagsasama-sama ang mga may-ari ng lupa at residential developers, at pinabibilis ang project development timelines**

Oras na nalista na ang mga property sa BC Builds, ang non-profit, First Nations, at mga pribadong developer at housing operators ay iimbitahing rebyuhin ang isang Property Opportunity Notice para sa development sites at magsumite ng proposal para magdibelop at/o magpatakbo ng rental housing sa lugar.

Ang mga proyekto ng BC Builds mula konsepto hanggang construction ay inaabot nang 12-18 buwan, sa halip ng karaniwang tatlo hanggang limang taon. Ang acceleration na ito ay nagagawa sa pamamagitan ng pag-streamline sa mga proseso ng municipal development at sa pamamagitan ng kolaborasyon ng BC Builds sa mga may-ari ng lupa, mga munisipalidad, at residential developers para ayusin at tanggalin ang anumang mga hadlang.

Ang BC Builds ay nag-aayos din ng partnership agreements at lease terms sa pagitan ng mga may-ari ng lupa at residential developers at tumutulong itong suportahan ang evaluation ng proposals.

Maaaring gawing available ng BC Builds ang predevelopment loans sa mga prospective partner na may lupa at na may inisyal na konsepto pero nangangailangan ng karagdagang pinansyal na suporta para ipagpatuloy ang kanilang proyekto.

#### **3. Paglaan ng low-interest financing at grants**

Ang BC Builds ay nag-aalok ng low-interest financing para sa bagong residential rental developments. Kapag kinakailangan, ang BC Builds ay maglalaan ng grants sa non-profits at First Nations development corporations nang gawing 20% below market ang 20% man lamang ng units. Ang upfront investment na ito ay nangangahulugan na ang mga building ng BC Builds ay palalakaran nang walang patuloy na subsidy mula sa pamahalaan.

\$2 bilyon sa kabuuan bilang provincial financing ang gagawing available sa BC Builds para maglaan ng low-cost construction financing.

Ang Pamahalaan ng BC ay nangangako ng \$950 milyon sa BC Builds hanggang sa 2027.

**Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring bisitahin ang [bcbuildshomes.ca](http://bcbuildshomes.ca)**